

# 1

“Lola, hindi ako man-hater. Mga babaeng narrow-minded lang ang nagiging ganyan. It’s just that I don’t trust love... or men anymore; it’s the trust that is completely lost.” Binuhay ni Phoebe ang makina ng kanyang *Toyota Corolla*.

Pumatong ang kulubot na mga kamay ni Lola Matilde sa bintana ng kotse bago pa man maisara ng apo ang salamin. “Hija, ang gusto ko lang naman ay maglibang ka. Pulos trabaho na lang ang iniikutan ng buhay mo. Aba, at twenty-four, you should be enjoying life to the fullest. Sa golden wedding anniversary ng amiga ko’y tiyak na maraming dadalo; ito na ang panahon para makihalubilo kang muli. Meet people... meet men! Hindi lahat ng lalaki’y katulad ni Ryan.”

Pinatay niya ang engine. After four long years, ngayon lang ulit lumutang ang pangalan ni Ryan. Hindi ito gagawin ni Lola Matilde kung hindi seryoso ang usapan. Tumingin siya sa abuela.

“Meet people, meet men.... Nagagawa ko iyan sa trabaho ko, Lola, kung di ay walang makukuhang kliyente ang *P&L Realty and Development*. Pero kung romance ang tinutukoy n’yo, forget it. Fairy tales are

for kids only.” Muli niyang binuhay ang sasakyan.

“Pero, Phoebe—”

“La, we’ll talk more about this later when I get home, promise. Hindi na ako iiwas, hindi na ako mananahimik. See, I can even say his name—Ryan, Ryan, Ryan. It’s not about him anymore. It’s not about men, either. It’s the word ‘trust.’ Hindi ko na muling ibibigay ’yan sa kahit kaninong lalaki.” Kinuha niya ang kamay ng matanda, hinalikan saka inalis sa bintana.

Habang nakikipagbuno sa traffic ay hati ang isip ni Phoebe sa dalawang bagay—ang meeting sa importanteng kliyente ngayong umaga at ang binuhay na paksa ng kanyang abuela.

Ang senior executive nila ay nasa Taiwan at ito dapat ang sasalubong sa sinasabing big client na darating sa Davao City nang umagang iyon pero dahil siya ang junior executive, bumagsak sa kanyang kamay ang responsibilidad. Minsan na niyang nakausap sa telepono ang prominenteng businessman na iyon, and it was not a pleasant experience. The man was curt and domineering.

At sa kabilang panig naman ng sentido ay umukilkil ang nakaraan. If fate had been nice to

her, wala siya sa gitna ng traffic na ito; wala siya sa Davao. At this moment, she should be a happy young wife, taking care of Ryan, a doting mother to her kids, living in Manila and visiting her parents only on weekends....

Iyan ay kung naging mabait ang tadhana. Pero dahil iba ang totoong buhay sa pelikula, the prince and the princess did not live happily ever after.

Nasangkot sa graft and corruption ang papa niya na isang cabinet official ng gobyerno bago pa man sumapit ang kasal nila ni Ryan. Nabilad sa kahihiyan ang pamilya ni Phoebe. Sa utos ng mga magulang, umatras sa kasal si Ryan when the wedding was only two weeks away. Dalawang araw pagkatapos noon ay naaksidente ang kanyang papa at mama habang nag-aaway sa loob ng kotse. Parehong dead on the spot ang mga ito.

Dumerecho ng Davao si Phoebe pagkalibing ng mga magulang. Ang naiwan nilang ari-arian at isang maliit na negosyo ay ipinagbili niya at inilagak na lamang sa bangko ang pera. Ang kanyang Lola Matilde na ina ng mama niya ay nakakaluwag naman sa buhay kaya ito pa ang nagmungkahing huwag muna niyang galawin ang pera sa bangko hangga't hindi siya nakaka-recover at nakakatiyak kung saan

iyon gagamitin.

Ang recovery period ay matagal dumating. Gabi-gabi niyang iniyakan ang pagkawala ni Ryan, ang pagkasawi ng mga magulang, ang paglaho ng malinis nilang pangalan. Pero higit sa lahat, ang sugat ng puso. She and Ryan had known each other since high school; their fathers were friends for a long time and both were instrumental in starting their relationship. The matchmaking part came easy for they both liked each other. Si Ryan ang first boyfriend niya, ang first embrace, ang first kiss.

Little had she known na ito na rin pala ang huli dahil wala siyang planong magtiwala ulit sa salitang ‘pag-ibig.’

The day she came out of her misery, nang araw na matauhan siyang haraping muli ang buhay, isinumpa niya sa isip na hindi na kasali roon ang pag-ibig. She would live only to work. Work—dahil ito ang gumising sa dalawang taon niyang pagkakatulog.

It struck her like a lightning nang mabasa ang isang bahagi ng tula sa librong binabasa:

*When dreams are shattered and hope seems dead—  
work.*

*No matter what ails you—work.*

*Work faithfully. Work with faith.*

*Work is the greatest remedy available for mental and physical afflictions.*

From that day on, work had become her elixir. Sa halip na sumubok sa negosyo at galawin ang pera sa bangko ay pinili niyang magtrabaho sa iba. Sa loob ng isang taon lamang ay naging asset siya sa *Pacita & Leocadio Realty and Development*. Kahit kakilala ng kanyang Lola Matilde ang may-ari ng kompanya ay nagsikap siya at ipinakitang talento niya ang dahilan kaya karapat-dapat siya sa posisyon bilang junior executive.

Sa wakas ay umusad din ang traffic sa harapan ni Phoebe. Huminga siya nang malalim. Kagaya ng ipinangako sa abuela, mamayang gabi ay pag-uusapan nila ang tungkol sa nakaraan. Kailangang gawin niya iyon para sumuko na ang matanda na ihanap siya ng kapareha.

---

“Kompleto na ang lahat... the blueprint, the contract and of course, si Mang Benito! Ang *Mercedes Benz* ni Sir Leocadio ang gagamitin n’yo,” recital ng sekretaryang si Chiqui. Natataranta ito nang iabot

kay Phoebe ang brown envelopes.

Kumunot ang kanyang noo kahit nakangiti. “Relax. Ano’ng nangyayari sa ’yo, Chiqui? Sa buong taon ko rito sa opisina, ngayon lang kita nakitang tensed.”

Pinagsalikop nito ang mga palad na tila nagdadasal. “Kasi naman, Ma’am Phoebe, itong kliyente nating darating ay may sa palos. The last time he had business with us—three years ago na ’yon—nakawala pa! He’s really a big client kaya lahat ng big boss ng *P&L* are keeping their fingers crossed na matuloy ang transaksyon niya sa atin this time.”

Binigyan na siya ng backgrounder ng kanilang senior executive tungkol kay Joshua dela Rama. Owner ang pamilya nito ng mga hotels at commercial buildings sa Cebu at Bacolod at ngayon ay nagpaplanong magtayo ng isa pang hotel sa Davao.

Kaya hindi natuloy ang transaksyon nito noon sa *P&L Realty and Development* ay dahil nabigo silang ikuha ito ng prime location na aayon sa panlasa ng negosyante.

Inilagay ng dalaga sa briefcase ang envelope at tinapat ang sekretarya. “I promise to do every possible way para hindi na makawala uli si Mr. dela

Rama sa kompanya. But if he remains the stereotype businessman who is impossible to please, wala na talaga tayong magagawa.”

Normally ay matiyaga siya sa mga kliyente pero sa isang ito ay hindi niya gustong mag-aksaya ng oras. Nang makausap niya ito sa telepono ay animo Roman king sa paniniyak na maayos ang reservation sa VIP suite ng hotel na tutuluyan at on time ang representative ng *P&L Realty and Development* na sasalubong dito sa airport.

*The typical red carpet treatment for big-time businessmen!* umuusok ang tainga na naisip niya noon pagkababa ng telepono.

---

“Makikilala mo pa ba siya, Mang Benito?” tanong ni Phoebe sa company driver habang nakatanaw sila sa pila ng first-class passengers na lumalabas sa customs area.

“Oo, Ma’am. Hindi basta makakalimutan ang anyo ni Mr. dela Rama,” sagot nito.

Sa kanyang isip ay may mental picture na siya sa hitsura ng sasalubungin: nasa mid-fifties, usli ang tiyan at maasim ang mukha. Sa kasupladuhan nito sa telepono ay sientong porciento niyang nasisiguro na

sing-asim ng suka ang mukha nito.

Pero maging ganoon man ang anyo ng kliyente ay sasalubungin pa rin niya ito ng matamis na ngiti at polite na pag-aasikaso. Business is business.

“Ayun na siya! ’Yung nakaabuhing amerikana,” sabi ni Mang Benito.

Sinundan niya ng tingin ang itinuro ng matanda; palapit na ang lalaki sa kanila at tila natandaan din ang driver.

What she saw kept her rooted on the spot. Napamaang si Phoebe in unspoken shock. Hindi kaya nagkakamali lang si Mang Benito?

Joshua dela Rama was nothing like the man she had expected to meet. Hindi lang ito higit na bata—he could be between thirty to thirty-three—moreso, he was extremely attractive in a rugged sort of way! Handsome was not the right word for him; not quite. There was too much about this man that was rugged, hard—even animal-like.

For one silly moment, naramdaman ni Phoebe na naumid ang kanyang dila. Pero nang ilang dipa na lang ang layo nito sa kanila ay binawi niya ang composure. Lalaki lang iyan, sabi niya sa sarili.



Ngumiti siya with all politeness pero maliban doon, ang mukha niya ay nanatiling impassive at hindi kakikitaan ng surprise na kanina lamang naramdaman.

“Good morning, Mr. dela Rama. I’m Phoebe Samonte of *Pacita & Leocadio Realty*. I’m pleased to meet you. Did you have a good flight?”

He looked at her, so intensely that a tremor ran through her body. Ang nakalahad niyang kamay ay sinalubong nito at mariing pinisil. “So you’re the owner of the voice on the other end of the telephone.” Bahagyang nagdikit ang mga kilay nito. “Well, well! Adrian never mentioned....” Kusa nitong pinutol ang sinasabi.

Naroon na ang pamilyar na tinig ng nakausap niya sa telepono; walang duda, ito na nga si Joshua dela Rama.

Hindi niya binura ang polite na ngiti sa mukha. “You were saying... Mr. Adrian Olarte never mentioned what?” Binanggit niya ang pangalan ng senior executive na dapat sasalubong dito.

Binitiwang nito ang kamay niya, umangat ang sulok ng bibig. “Let’s just say I was expecting someone older. Someone who is mature enough to hold your

position.”

It was a blunt remark at hindi niya alam kung ano ang tamang reaction dito—if she was to be pleased, disappointed or angry.

Joshua was looking down at her. He was a big man, tall and broad, and there was something about him that commanded attention. Ang height ng dalaga na 5’4” ay maituturing nang mataas sa standard height ng mga Filipinas pero sa lalaking ito, pakiramdam niya ay nagtila langgam siya sa liit.

Pero hindi siya patatalo. No man had ever intimidated her since that day she decided to go on with her life. Maski ang mga manliligaw niyang pulos professionals ay hindi nagawang gibain ang kanyang self-assurance. Ang lalaki sa kanyang harapan ay hindi iba sa kanila.

“Well, if you associate youth with inefficiency, you would soon find out how wrong you are.” Naka-plaster pa rin ang ngiti sa kanyang mga labi. After all, he was still a client. “By the way, pinasasabi nga pala ni Mr. Olarte na ipagpaumanhin mo kung hindi siya ang sumundo sa iyo. Kailangan kasing dumalo siya sa convention sa Taiwan.”

“I’m very glad he is unavailable. I’d much rather

spend the evening in your company,” came his easy reply.

Natigil sa paghakbang si Phoebe papunta sa naghihintay na sasakyan. “E-evening?”

Tumaas ang kilay nito, may amusement sa mga mata habang nakapako ang tingin sa mukha niya. “I want to discuss the project over dinner tonight at the restaurant of the hotel where I’ll be staying. Iyan ang nasa schedule namin ni Adrian. Sa ngayon ay gusto ko munang magpahinga. Why, is that unusual?” nakakalokong tanong nito.

“N-not at all,” bawi niya, kunwari ay walang anuman iyon sa kanya. Ilang kliyente na ba ang nakasalo niya sa dinner o luncheon para pag-usapan ang proyekto? Plus, she believed that this was the best way to win a client’s heart.

At ang lalaking ito ay ang *P&L Realty and Development’s* most important client. Kailangan niya itong tratuhin in the best way possible. It was just that the idea of sharing a meal with him did not appeal to her in the least!

Hindi niya ipinahalata ang pagdilim ng mukha at nagpatiuna na sa sasakyan nang buksan ng lalaki ang pinto.

## 2

Inihatid nila si Joshua sa tutuluyan nitong hotel bago sila bumalik sa opisina. Nang makababa ito ng sasakyan ay pumihit muna ito at dinungaw sa loob si Phoebe.

“Don’t forget, seven p.m. sharp. Particular ako pagdating sa oras.” Businesslike ang tono at walang kangiti-ngiti sa mukha nito nang sabihin iyon.

Lumunok muna siya para pigilan ang dila na sumagot nang maanghang. “Of course, Mr. dela Rama, I’ll be here on time.” Pinakawalan niya ang isang ipokritang ngiti.

Nang sapitin ng dalaga ang sariling silid sa kanilang opisina ay padabog na isinuksok niya sa drawer ang blueprint at contract na hindi nagamit.

Naupo siya sa swivel chair at pumihit. Pumikit siya. Bibilang lang siya ng isaang daan at mag-i-imagine ng malinaw na batis at huni ng mga ibon, ilang sandali pa ay tiyak na lalamig na ang ulo niya at babalik ang mood sa pagtatrabaho.

Ganoon nga ang kanyang ginawa ng kung ilang minuto. Subalit nang dumilat ay kunot pa rin ang

kanyang noo.

*Damn that man!* she cursed under her breath.

Joshua succeeded in destroying her day in a simple and subtle manner. Hindi obvious but she could read between the lines na iniinis siya ng lalaking iyon. Sa kung ano ang dahilan ay hindi niya alam maliban sa katiyakang minemenos nito ang kanyang kakayahan bilang junior executive just because he regarded her as too young for the position.

*What a jerk!* sumpa niya ulit. Ipakikita niya ritong kaya niyang gampanan ang trabaho nang higit pa sa inaasahan nito.

May kumatok sa pinto.

“Come in,” she almost snapped.

“Hi! I’ve been looking for you since this morning. Nakalimutan kong ikaw nga pala ang sumalubong kay Mr. dela Rama.” Pumasok si Johnny, ang resident engineer ng kompanya at isa sa mga lalaking pursigidong masungkit ang puso ni Phoebe.

“Bakit?” walang preamble niyang tanong. Datarati ay kaya niyang ibalik ang ngiti sa mukha gaano man karami ang trabaho o kakulit ang nagdaang kliyente.

“Hey, I’ve never seen you so upset! May problema ba? Alam mo namang nandito ako parati para sa iyo, Phoebe. My shoulders are yours to cry on,” anito, halatang nagsasamantala sa sitwasyon niya.

Lalong nadagdagan ang kanyang iritasyon pero kinontrol ang sarili. Gaano man ka-annoying si Johnny ay hindi ito dapat madamay sa inis niya kay Joshua.

“Para maibilang mo ako sa mga babaeng umiyak sa balikat mo?” Nilagyan niya ng humor ang tono. Hindi lingid sa kanya ang playboy image ng lalaki sa loob at labas ng kompanya.

“Hindi ko ini-offer sa kanila ang balikat ko tulad ng pag-aalok ko sa ’yo. Those girls voluntarily do so.”

“Okay, okay. Bago liparin ang mga gamit ko rito, ano ang dahilan at hinahanap mo ’ko?” Kahit hindi marahil nakapinid ang puso niya sa pag-ibig, Johnny would be the last man she would fall for dahil sa inherent na kayabangan nito sa katawan.

May ipinatong ito sa mesa. “I have two tickets for the dinner show of Diana Ross tonight. Limited lang ’yan; this special show is only for the privileged few.”

“So?” bale-wala na pahayag niya.

“So? My golly, Phoebe! Kung sa ibang babae ko ini-offer ’yan, they would grab the opportunity.” Tapos sa iyo, ’yan lang ang sasabihin mo—‘so.’ Do I have to beg on my knees again para lang pumayag kang makipag-date sa akin?” pakiusap nito.

“I never encouraged you to do that. Isa pa, hindi ako mahilig sa... musika.” Bahagyang pumiyok ang kanyang tinig. “Pangalawa, trabaho pa rin ang aasikasuhin ko ngayong gabi. Dahil wala si Adrian, ako ang magpi-present ng project proposal kay Mr. dela Rama.”

Humugot ng malalim na hininga si Johnny, painot na kinuha ang tickets sa mesa. “Wrong timing pala ako. Hindi bale, marami pa namang araw, at next time sisiguraduhin kong hindi ka na makakatanggi! ’Bye, Babe!” Kumindat pa ito bago lumabas ng pinto.

Gustong batuhin ni Phoebe ng paper weight ang sumarang pinto. Ito ang makatatlong ulit na tinawag siya ni Johnny ng ‘Babe.’ Kailangang matigil kaagad iyon dahil kung hindi ay i-a-assume ng mga kasamahan niya sa trabaho na may namamagitan na sa kanila ng lalaki.

Ibinagsak niya ang likod sa backrest ng swivel chair. Napakamalas talaga ng araw na ito para sa kanya.

Sinulyapan ni Phoebe ang wristwatch; it was five minutes past seven.

Nasaan ang punctuality na ipinagmamalaki ng Joshua dela Rama na iyon? tahimik na ngitngit niya. Kaunti lamang ang kumakain sa cozy restaurant ng hotel kaya nakakasiguro siyang hindi pa bumababa ang lalaki mula sa suite na inookupa nito.

Kung hindi lang kliyente ay makakatikim ito ng sarcasm sa kanya sa oras na lumitaw ito. God knows kung gaano niya ini-stretch ang patience para hindi sumabog ang kanyang iritasyon.

“Miss Samonte?” Nilapitan siya ng isa sa mga waiters.

“Yes?”

“Nagpa-room service na lang po si Mr. dela Rama para sa dinner meeting ninyo; may sarili pong dining area ang silid niya. I will escort you up to his suite,” magalang na sabi ng unipormadong waiter.

Nagbago pala ng isip si Haring Pilato! Bakit hindi sinabi kaagad; hinayaan pang mapanis siya ng limang minuto sa ibaba! Five minutes is still five minutes.

Habang sakay ng elevator ay kumukulo ang



dugo ni Phoebe sa tinitimping galit. Alam niyang kung naiba ang sitwasyon at ang kliyente ay isang certified D.O.M. ay pag-iisipan niya ng malisya ang ginawa nito. A dinner inside his room!

Pero ginawa iyon ni Joshua to assert his authority. Na dahil importante itong kliyente, ang mga empleyado ng *P&L Realty and Development* should be at his beck and call, always willing to cater to all his whims.

Pagdating sa pinto ay tumapat ang waiter sa maliit na monitor. “Sir, nandito na po si Miss Samonte.”

Ilang sandali pa at bumukas ang malapad na pinto. Nakatayo si Joshua sa doorway. Hindi ito naka-formal suit na somehow ay inaasahan niya. Isang faded denims at *Lacoste* polo shirt na asul lamang ang suot nito.

*Why would he need to dress up? He’s at the comfort of his hotel room!* kumukulo ang dugo na naisip ni Phoebe. Buti nga at hindi niya inabutang nakapajamas ito! Gusto tuloy niyang maasiwa sa corporate dress na suot, complete with formal scarf.

“Good evening, Phoebe. Come inside,” came his warm greeting; malawak ang ngiti nito at labas ang pang-*Close-up Toothpaste* na mga ngipin.

“Good evening.” Bahagya lamang siyang ngumiti.

Nang makapasok sa loob ng suite ay naagaw ang kanyang atensyon; bahagyang nawala ang ill feeling niya para sa kinaiinisang lalaki. The suite was splendidly done! It was not really a hotel room but a home away from home. Alam kaya ng may-ari ng hotel na isa sa mga customers nila nang gabing iyon ay magiging kakompetensya nito in the very near future?

Naupo siya sa settee na naroon. Tama ba ang narinig niya kanina? Tinawag siya ng lalaki sa kanyang first name. It surprised her that he remembered her name, let alone her first name.

“If you’ll excuse me, babalikan ko lang ang kausap ko sa telepono. Give me just a sec,” sabi ni Joshua.

“Oh! Well, y-yes, of course, Mr. dela Rama.”

Huminto ito sa paghakbang. “Are you going to call me ‘Mr. dela Rama’ all evening? Call me ‘Joshua,’ okay?” Tumalikod na ito at nawala sa paningin niya.

Naiinis ang dalaga sa sarili kung bakit nauutal siya. Dala iyon marahil ng galit na hindi naman niya puwedeng ilabas.

Ilang sandali pa ay bumalik na si Joshua. Inilabas naman kaagad niya ang mapa ng proyekto.

“Ito ang exact location ng tatayuan ng ho—” umpisa niya.

“Not so fast,” putol nito. “Halika sa dining area; doon natin pag-usapan ’yan over a sumptuous dinner.”

Makakatutol ba siya? Dinampot na nito ang rolyo ng mapa pati ang briefcase niya. Pagkaupo sa malapad na dining table ay ipinagsalin siya nito ng red wine.

“How long have you been working with *P&L*?” tanong nito matapos maupo sa katabing silya. Langhap niya ang masculine cologne nito.

“Just over a year,” derechong sagot niya.

“Where did you work before you worked for them?”

*Pati ba naman iyon importante pa?* Hindi lang siya naiirita, ayaw niyang sagutin ang tanong na iyon. Ang steak ang hinarap niya; humiwa muna siya bago sumagot. “This is my first job.” Ganoon lang kaikli.

“How old are you, Phoebe?”

“Why, don’t you know it’s impolite to ask a

woman's age?"

"Not when she is as young as you."

Huminga siya nang malalim. "Twenty-four."

Tumango ito. "Good. For a while, akala ko'y puwede akong makasuhan ng seduction of a minor for bringing you up here." Tumindig ito at nilapitan ang CD component. Pumailanlang ang sweet music sa silid. Nilapitan siya nito. "Puwede ba kitang maisayaw?" Yumuko ito, napakalapit ng mukha sa kanya.

*What does he think he is doing? Kasama ba ito sa mga kapritso ng kliyente?* "No," she replied tartly.

Nagkibit-balikat ito at naupo sa silya.

Kanina ay may binanggit itong seduction of a minor sa pagdadala sa kanya rito sa silid, ngayon naman ay gusto siyang isayaw ng sweet. Kinabahan ang dalaga.

Negosyante man si Joshua ay lalaki pa rin ito. Ilan na ba ang nabalitaan niyang proyektong naisara dahil kasama roon ang pakikipagrelasyon sa kliyente?

"Mr. dela Rama, puwede na ba nating simulang i-discuss ang proyekto? Puwede ko namang ipaliwanag sa iyo ang mapa habang kumakain." Hindi iyon

paghingi ng permiso kundi isang assertion.

Kumunot ang noo nito. “And talk to me while your mouth is full? No, no, my lady. It’s bad table manners.” Sumubo ito ng side dish.

“But you said we’d discuss this over dinner—”

“Why, are you in a hurry to dash off somewhere? Spend the evening with a boyfriend perhaps?” putol nito.

“I have reserved this night for business. Kaya naman iyon na ang gusto kong pag-usapan natin.” Sing-nipis na lang ng balat ng sibuyas ang pasensya niya.

“We will but after we had eaten. Personally, I’d like to relax for a while, have a leisurely dinner, get to know you and then spend a little time discussing business. Now, how does that sound to you?”

Walang ngiti sa labi ng lalaki pero sa mga mata ay nakikita niyang nilalaro siya nito. “I don’t want you to get to know me. I’m here for business. I was sent here tonight to do a job and you seem to be deliberately making it hard for me. If you don’t want to deal with me because I’m young or because I happen to be a female, then you’ll have to wait until Mr. Olarte gets back. Or better still, deal with

someone else in the office. But stop treating me as if I am nothing more than a sex object to be flirted with and teased! I find it very unpleasant!” Para siyang isang bulkan na sumabog. Kasunod niyon ay nakakabinging katahimikan.

Her heart was beating wildly. What had she done?

Ang anyo ni Joshua ngayon ay nagbago na; his eyes were as cold as ice, naggagalawan ang ilang muscles sa panga nito. Ang mga labi nito na dati ay sensuously full, ngayon ay parang manipis na guhit.

Natakot si Phoebe. Narito siya sa teritoryo nito at wala siyang laban kung saka-sakali.

Then suddenly, ngumiti ito, ngiti na nauwi sa malakas na halakhak. “Well done, Phoebe! How very nice it is to get a reaction from you. A real reaction!”

Nalito siya at napamulagat dito.

“Iyan ang gusto kong makita sa ’yo, hindi ang praktisadong pakikiharap lang sa kliyente. You are more human now,” nakangiting pahayag nito.

Wala siyang masabi; hindi siya prepared para sa reaction nito.

Itinabi ng lalaki ang mga plato. “Now, we can

talk business. Nasaan ang mapa?”

Hindi pa rin siya makakilos, nakatingin lang sa mukha nito.

“What is it, Phoebe? Akala ko ba’y business na ang haharapin natin? Ayokong maniwalang kaya mo ako tinititigan ay dahil naguguwapuhan ka sa akin; tingin ko sa iyo’y manhid ka sa mga ganyang bagay.” Gumuhit ang pilyong ngiti sa mga labi nito.

Kaagad kumilos ang dalaga, dinampot ang rolyo at inilatag sa mesa. Sa buong kalahating oras na dumaan ay wala silang pinag-usapan kundi ang proyekto. Si Joshua ay naging seryoso at typical businessman habang ipinaliliwanag niya ang bawat detalye.

Nang ihatid siya sa elevator ay isang maikling good night lamang ang pinakawalan nito. Napasandal siya sa mirrored wall ng elevator nang mapag-isa.

She had ruined the deal, sigurado siya roon. Kahit pa nagpakita ng interes si Joshua habang idini-discuss niya ang proyekto ay tiyak na diplomasya lang iyon. Tiyak na kinabukasan ay matatanggap na nila sa opisina ang tawag nito para sabihing their proposal did not meet his standards.

Nang makauwi siya sa bahay ay tulog na ang

*A Second Chance To Love - Rue Mondragon*

---

kanyang Lola Matilde. Ipinagpasalamat niya iyon dahil wala siya sa kondisyon para tuparin ang ipinangako rito. Muli ay gusto na naman niyang ipagpaliban na buksan ang subject tungkol sa kanila ni Ryan o ang aspetong pag-ibig na siyang gustong malaman ng matanda.

Nang mahiga sa kama ay namimigat ang dibdib niya. Bakit siya nadi-depress? Kung saka-sakali ay hindi naman ito ang unang pagkakataon na nabigong makuha ng kanilang kompanya ang isang kliyente.

Hinalbot niya ang unan at itinakip sa mukha dahil nakikita niya sa balintataw ang anyo at makisig na kabuuan ni Joshua.



# 3

Nakatanaw si Joshua sa labas ng hotel habang komportableng nakaupo sa armchair at pinagmamasdan ang nahihimbing na siyudad sa ibaba. Ang lalim ng gabi ay bale-wala sa kanya; his mind was razor-sharp, his body fully relaxed.

Sa edad na fifteen ay naulila na siya sa ina; five years later ay sumunod naman ang kanyang ama. Naiwan sa kanya ang responsibilidad sa dalawang nakababatang kapatid na babae. Bago namatay ang ama sa sakit na cancer ay hiniling nitong mangako siyang ibabangon ang palugi na nilang negosyo alang-alang sa kanyang mga kapatid.

From that day on, itinabi muna niya ang happy-go-lucky way of existence na kanyang nakasanayan. Iniwasan niya ang barkada at hinarap ang natitirang huling taon sa kolehiyo nang may bagong interes at sipag.

He had mastered all his problems alone. Pilit niyang ibinangon ang nalugmok nilang negosyo para sa edukasyon at kinabukasan nilang magkakapatid. Through his own skills, he had risen from the depths of bankruptcy to the zenith of success.

*A Second Chance To Love - Rue Mondragon*

---

At twenty-three, he had made his first million and now at thirty-one, his business life left nothing to be desired. Nakatapos nang pareho ang mga kapatid niya; si Grace ay isang doktora at si Merly ay isang abogada. At pareho na ring nagpamilya nang maaga ang mga ito.

He had achieved all he had set out to achieve, and more. The world of commerce is no longer a challenge to him; his business dealings now could be considered nothing more than a hobby.

Isinuklay ni Joshua ang mga daliri sa buhok at humugot ng malalim na hininga. Yes, he had mastered everything. Nakaya niyang pagsabayin ang negosyo at mga babae.

Women. He had known them all—the shy, the promiscuous, the fortune hunters, the husband seekers; older and younger, rich, poor, beautiful, plain—but none of them fit to be his wife. Simply because they did not possess what he was looking for.

Kabog sa dibdib. Ito lang ang batayang hinihintay niya para masabing karapat-dapat niyang pakasalan ang isang babae. At iyon ang kanyang nadama nang umagang iyon nang makaharap si Phoebe Samonte.

Inabot niya ang bote ng brandy sa lamesita at

nagsalin sa kopita. Habang sumisimsim ay para pa niyang nakikita kung paano sumambulat ang inis ng dalaga kanina, kung gaano ito kaganda habang namimilog ang mga mata sa galit.

Kahit nagso-solo sa silid ay tumawa nang malakas ang binata sa naalalang outburst ni Phoebe. Ang eksenang iyon ang kumumpirma sa impression niya rito. She was like an unopened flower; a rosebud tightly closed. Pero bakit siya ganoon? He could swear it was something rooted very deeply within her. In time, he would find out. Kailangan lang ay maging maingat siyang mabuti. He had to play his cards very carefully.

Ngayon, ang buong plano niya sa pagpunta sa Davao ay naiba na nang tuluyan. Putting up another hotel was just secondary to him.

Nilapitan niya ang telepono at may tinawagan.

“Merly? Makinig kang mabuti,” sabi ni Joshua sa tinawagang kapatid sa Bacolod. “I have some news for you. I’m getting married.... No, there’s nothing wrong with the line.... Oo, tama ang dinig mo.... Kailan? Let’s say in five or six weeks, a couple of months at the most. Hindi ko pa masasabi ang eksaktong petsa because the lady concerned doesn’t know about it yet.... No, I haven’t gone crazy.... What? But my dear,

you know I just wouldn't take no for an answer!"

---

"You made it, Ma'am Phoebe! Pinahahanda na ni Mr. dela Rama ang kontrata ng project," masayang salubong ni Chiqui kinabukasan.

Nanlaki ang kanyang mga mata sa gulat. "H-hindi siya nag-back out?"

Natawa ito. "This time ay hindi. Sabi pa nga niya ay may balak din siyang magtayo ng isang townhouse kaya ihanap din natin siya ng magandang location!"

Napilitan na rin siyang ngumiti. Kung ganoon ay businessman talaga ang lalaki, hindi isinasali ang personal grudge sa pakikipagnegosyo.

"Next week ay babalik na si Adrian. Siya na ang hahawak ng project ni Mr. dela Rama pati na rin siguro ang susunod pa," pagpapaalala sa sekretarya. "Ay, sayang... akala ko pa naman ay tuluy-tuloy na ikaw. Ito nga, ginagawa ko na ang agenda."

Nginitian ni Phoebe ang sekretarya. "Paano naman ang ibang assignments ko? Nauna pa ang mga iyon kay Mr. dela Rama at kahit hindi naman sila kasing-big-time niya ay kliyente pa rin natin ang mga 'yon."

Ngayong naisara na niya ang project sa lalaki ay wala na siyang intensyong makaharap ulit ito. She did not know why, but Joshua de la Rama made her feel uneasy. At iyon ang hindi niya matanggap.

Bago mag-lunch ay nag-ring ang telepono sa silid niya. Lumiwanag ang kanyang mukha nang makilala ang boses sa linya.

“Father Rodel! Talaga, nandito ka sa Davao ngayon? Bakit hindi mo ako tinawagan days before para nakapaghanda ako sa bahay ng paborito mong dishes.... Yes, this is really a surprise! Oh, two days ka lang dito.... We’ll have lunch together? Yes, alam ko kung saan ang seminary na ’yan. Yes, sa katabing restaurant. I’ll meet you there. I can leave the office even before lunchtime para matagal pa tayong magkasama. ’Bye!”

Nagulat siya nang malingunan sa loob si Johnny.

“I made three knocks before I entered. Of course, hindi mo narinig dahil busy ka sa telepono,” depensa kaagad nito.

She was in a better mood now kaya ngumiti lamang siya. Tiningnan niya ang mga papeles na hawak ng lalaki. “Kung anuman ’yan, iwan mo muna sa mesa ko. Mamaya na lang natin pag-usapan. I’ll

be back around two.” Kinuha niya ang shoulder bag.

“Wow! Mukhang matagal ang lunch date na ’yan, ah. Dulo na lang ng usapan n’yo ang narinig ko kanina... pero tama ba ang narinig kong aalis ka nang mas maaga para matagal pa kayong magkasama? Why, is he that special, Babe?” Umarteng sarkastiko si Johnny.

Hayun na naman ang kinabubuwisan niyang tawag. “Yes! He is *very* special. Kaya please lang, stop calling me ‘Babe’ dahil hindi niya magugustuhan iyan.”

“Pero akala ko ba wala kang boyfriend?” nagulat na tanong nito.

Sinalubong niya ang mga mata nito, pormal ang expression ng mukha. “Hindi ko sinabi iyan. Kayo ang nag-assume niyan,” malamig na sagot niya, pagkuwa’y lumabas na ng pinto.

---

Habang papasok si Phoebe sa maliit na restaurant na katabi ng seminary building na tinutuluyan ni Father Rodel ay natatawa siya pero sa isip lamang. Ginawa niya ang pagsisinungaling kay Johnny para tigilan na nito ang panliligaw sa kanya. Sa lahat ng mga tagasuyo ay ito ang pinakapursigido at istorbo

dahil kasamahan niya sa trabaho. Siguro naman ngayong malaman nitong ‘may boyfriend’ na siya ay titigilan na siya nito.

Lumawak ang kanyang ngiti nang makita ang kakatagpuin na nakaupo sa isang mesa. Nagmadali siyang makalapit dito.

“Father Rodel!” Yumakap siya sa may-edad na pari.

“Phoebe! Kumusta ka na, Hija? You look much better than the last time I saw you!” Nasisiyahang pinagmasdan siya nito.

“Kayo rin naman po; bumata yata kayo ng sampung taon!”

Natawa ito. “Hindi ka lang sanay makitang hindi ako nakasuot ng abito.” Isang checkered polo at pantalong itim ang damit ng pari.

Nang makaupo ay nostalgic ang pakiramdam ni Phoebe. She had known this priest almost all her life. Ito ang nag-officiate ng kanyang First Communion when she was nine years old, ang kumumbinsing sumali siya sa choir group ng simbahan dahil maganda ang kanyang boses at ito rin sana ang magkakasal sa kanila ni Ryan noon.

*A Second Chance To Love - Rue Mondragon*

---

Si Father Rodel ang tanging link sa nakalipas na hindi kailanman buburahin ng dalaga. Dito siya unang umiyak nang umurong sa kasal si Ryan; dito niya ibinuhos lahat ng galit at sama ng loob. Ang mga balikat din nito ang naging iyakan niya nang pumanaw ang kanyang mga magulang. Kung mayroon mang totoong best friend sa buhay ng isang tao ay si Father Rodel iyon sa kanya.

Ang buhok ng pari ay makapal pa bagaman marami nang puti; matikas pa rin ito at batang tingnan kahit tumuntong na sa sienta ang edad. At ipinagpapasalamat iyon ni Phoebe. Kasama sa mga dasal niyang bigyan pa ng mahabang buhay ang pari dahil dito lang siya hindi nangingiming buksan ang damdamin.

Malapit din naman siya kay Lola Matilde at nasasabi rin niya rito ang niloloob pero iba si Father Rodel dahil sa espiritwal nitong kaugnayan. Ito ang nagpatatag sa kanyang huwag bumitiw sa pagmamahal sa Itaas sa kabila ng mga kabiguan.

“Bakit naman ang ikli ng bakasyon mo rito sa Davao? Ngayon ka nga lang nakapamasyal dito’y napakadali pa,” umpisa niya sa himig na nagtatampo.

“Naku, Hija, ang totoo ay substitute lang ako sa talagang pari na dadalo sa clergy vigil dito sa Davao.



Kaya nga pagkarating ko kanina ay tinawagan na kita agad dahil hindi na ako makakalabas ng seminaryo sa buong dalawang araw.”

“Ganoon ba? Pero hindi bale, pagkatapos ng two days na iyon ay susunduin kita rito para makita mo ang bahay namin... at siyempre, ipaghahanda kita ng paborito mong kare-kare!”

Nalungkot ang pari. “The problem is, right after the vigil ay kailangan kong humabol sa flight pabalik ng Manila dahil bibisita kami sa mga nasalanta ng bagyo sa Bulacan. Pero huwag kang magtampo.” Umaliwalas ulit ang anyo nito. “Dahil sa isang buwan ay may convention kami rito at doon ay puwede akong maglakwatsa!”

Bumalik ang saya ng dalaga; she laughed freely. May pagka-cowboy talaga ang kaibigang pari.

Kinuha nito ang kanyang mga kamay. “I’m so glad nakikita na kitang tumawa uli. Ganyan nga, Phoebe. Life has to go on whatever happens. Akala ko ay mamamatay na lang akong hindi ko na ulit makikitang tumatawa o ngumingiti man lang ang batang noon ay halos napakadaling humagikgik.”

May naramdaman siyang init sa sulok ng mga mata, nakita ang batang sarili na hindi mapigil ang

*A Second Chance To Love - Rue Mondragon*

---

pagtawa habang minamasdan ang piano teacher na natatangay nang husto sa kanyang pag-awit. Nakapikit itong ninanamnam ang magandang tinig ng paslit na si Phoebe.

“Nagagawa ko lang naman tumawa nang ganito kapag kayong dalawa ni Lola Matilde ang kasama ko.”

Sa trabaho at sa ibang tao ay reserved na ngiti lamang ang naibibigay niya. Simula nang mabilad sa kahihyan ang kanilang pamilya noon at nakita niyang isa-isa ring nawala ang itinuturing nilang mga kaibigan ay naglagay na siya ng invisible wall between herself and other people.

Tinapik ni Father Rodel ang kamay niya. “Iyan ang mali, Hija. Kaya ka ring mahalin at tanggapin ng ibang tao kung paano ka naming minamahal at tinatanggap ng lola mo. Huwag mong isara ang pinto sa ibang tao para makapasok diyan sa puso mo.”

Hindi niya maintindihan pero sa sinabing iyon ng kaharap ay larawan ni Joshua ang nag-flash sa kanyang isip. *That moron! Bakit hanggang dito ay lumitaw iyon?* naiinis na naisip niya.

Napansin ng pari ang pagkunot ng noo niya at pinagkamali nitong protesta iyon sa narinig. “Phoebe, nang huli tayong magkausap sa telepono ay sinabi

mo sa aking napatawad mo na ang mga nagkasala sa iyo sa nakalipas—si Ryan, ang mga magulang niya, ang mga kaibigan ng inyong pamilya. Ngunit bakit tila may bitterness pa rin diyan sa dibdib mo?”

The frown on her forehead suddenly disappeared. “N-no, Father. May naalala lang akong kliyente namin sa kompanya.”

“Kliyente?”

Bumuntunghininga si Phoebe. Kanino pa ba niya masasabi ang bumibigat sa kanyang dibdib kundi sa pinagtitiwalaang kaibigan? At hindi niya matanggap na nakakabigat pala sa kanya si Joshua!

Ngumiwi siya. “Hindi naman talaga importante. He just got into my nerves dahil sa umpisa ay...” Kusa niyang pinutol ang sinasabi. “Anyway, bakit ba siya ang pag-uusapan natin? Makapag-order na nga at tiyak pareho na tayong gutom.”

Tinawag niya ang waiter at um-order. Pero nang makaalis ito ay nangingiting nakatitig sa kanya ang matandang pari.

“Did you say ‘he?’ I want to hear the full story. Ngayon lang kita uli narinig na bumanggit ng lalaki. Do I smell romance in the air?” tukso nito.

“Father!”

“Why, it’s about time! Pangarap ko ring maabutang makakita ng apo sa iyo. Sigurado, para kong nakita uli ang batang Phoebe noon.”

“Father!” She was not the blushing type, pero nangyayari iyon ngayon dahil sa binubuksang larawan ng pari. She and that Joshua dela Rama—a married couple!

“Sige, sige, hindi muna kita pipiliting magkuwento ngayon pero tiyak ko pagbalik ko next month ay meron ka nang ibibida sa akin.”

“Never!” Sinundan niya ng iling ang sinabi.

---

Sa parking lot ng restaurant ay may isang pares ng mga matang nanonood kina Phoebe at Father Rodel. Nasa loob ng kanyang kotse si Johnny at walang kurap habang nakatitig sa dalawa.

Nang maabutan niya kanina si Phoebe na may kausap sa telepono ay nahagip pa ng kanyang tainga ang dulo ng usapan pati ang pagkabanggit sa restaurant na malapit sa seminaryo. Sinundan niya ang dalaga dala ng matinding curiosity kung sinong lalaki ang hadlang para sagutin siya nito. Sa buong

*A Second Chance To Love - Rue Mondragon*

---

buhay niya ay ngayon lamang may tumangging babae sa kanya.

Napanganga siya nang makita ang may-edad nang lalaki na niyakap ni Phoebe. Nakita rin niya sa salaming dingding ng restaurant nang ikulong nito sa mga palad ang kamay ng dalaga.

All along ay kumbinsido siyang pusong yelo ang dalaga kaya mailap sa mga lalaki. Pero ngayon ay alam na niya ang nasa likod ng kalamigang iyon.

Nahampas niya ang manibela. Isang D.O.M. pala ang may hawak sa puso ni Phoebe at walang duda na married man ito kaya ganito na lang ang paglilihim ng dalaga tungkol dito!